Republika ng Pilipinas
Lalawigan ng Bulakan
Lungsod ng Malolos

# TANGGAPAN NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD

HANGO SA KATITIKAN NG KARANIWANG PULONG NG SANGGUNIANG PANLUNGSOD NG MALOLOS NA GINANAP SA BULWAGANG DON RAMON G. DE LEON NG PAMAHALAANG PANLUNGSOD NOONG IKA-08 NG AGOSTO, 2019.

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| KGG. NOEL G. PINEDA | Pang. Punong Lungsod<br>Tagapangulo |
| KGG. FRANCISCO J. CASTRO | Kasangguni |
| KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA | " |
| KGG. KIRK LOUIS NICOLAS | " |
| KGG. MICHAEL M. AQUINO | " |
| KGG. ENRICO C. CAPULE | " |
| KGG. DENNIS D. SAN DIEGO | " |
| KGG. EMMANUEL R. SACAY | " |
| KGG. EDGARDO F. DOMINGO | " |
| KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA | " |
| KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO | " |
| KGG. PATRICK S. DELA CRUZ | SK President |

HINDI NAKADALO:

| | |
|---|---|
| KGG. DIONISIO C. MENDOZA | ABC President |

---

KAPASYAHANG PANLUNGSOD BLG. 126-2019

ISANG KAPASYAHANG PANLUNGSOD NA NAGPAPAHAYAG NG TAOS-PUSONG PAGBATI AT MARINGAL NA PAGKILALA NG PAMAHALAANG LUNGSOD NG MALOLOS SA PANGUNGUNA NG PUNONG LUNGSOD - INH. GILBERT T. GATCHALIAN AT NG BUMUBUO NG SANGGGUNIANG PANLUNGSOD SA PANGUNGUNA NI KGG. NOEL G. PINEDA KAY BB. JACK DANIELLE ANIMAM NG BARANGAY LUGAM, LUNGSOD NG MALOLOS SA KANYANG PAGLAHOK SA WILLIAM JONES CUP NA GINANAP SA NEW TAIPEI CITY SA ILALIM NG KOPONANG GILAS PILIPINAS WOMEN BASKETBALL TEAM AT SA PAGKAKAPANALO SA 2019 NBA 3v3 NA GINANAP SA PICC FORUM TENT.

Akda ni: Kgg. PATRICK S. DELA CRUZ
Ka-may Akda: Kgg. MICHAEL M. AQUINO, Kgg. DENNIS D. SAN DIEGO,
Kgg. EMMANUEL R. SACAY at Kgg. LUIS ALFONSO M. ARCEGA

SAPAGKAT, isinasaad sa Artikulo 2, Seksyon 13 ng Saligang Batas ng Republika ng Pilipinas na kinikilala ng estado ang napakahalagang tungkulin ng mga kabataan sa pagbuo ng bansa, gayundin ay dapat na itaguyod at pangalagaan ang kanilang kagalingang pisikal, moral, ispirituwal, intelektuwal, at sosyal;

SAPAGKAT, ang Pamahalaang Lungsod ng Malolos ay nagpapakita at nagpapahayag ng maringal na pagkilala sa kagalingan ng mga kabataan at pati na rin sa kanilang abilidad na makapagdulot ng pag-unlad sa komunidad at sa bansa;

Dagdag dito, naniniwala rin ang Pamahalaang Panlungsod ng Malolos, na bilang pag-asa ng bayan, ang mga kabataan ay nasa posisyon rin na kumilos bilang mga tagapagpasimula ng positibong pagbabago sa lipunan na magbubunga ng kabutihan sa ekonomiya na pakikinabangan ng kasalukuyan at ng mga henerasyon pang darating;

SAPAGKAT, noong ika-12 hanggang ika-28 ng Hulyo, taong kasalukuyan ay ginanap ang 2019 William Jones Cup sa New Taipei City kung saan binigya ng karangalan ni Bb. Jack Danielle Animam ang ating mahal na Lungsod ng Malolos, nang siya ay maging isa sa mga manlalaro dito sa ilalalim ng koponang Gilas Pilipinas Women Basketball Team na siya rin namang maglalaro sa SEA Games Women's Basketball sa darating na ika-22 hanggang ika-29 ng Setyembre, 2019;

SAPAGKAT, noong ika-3 hanggang ika-4 ng Agosto, 2019 ay ginanap ang 2019 NBA 3v3 sa Philippine International Convention Center (PICC) Forum Tent kung saan nakamit din nina Bb. Jack Danielle Animam at mga kasama ang kampyonato;

SAPAGKAT, si Bb. Jack Danielle Animam, residente ng Barangay Lugam ay minsan na ring binigyang karangalan ang ating mahal na Lungsod nang siya ay parangalan bilang Most Valuable Player (MVP) ng University Athletic Association of the Philippines (UAAP) Women's Basketball para sa taong 2017, at 2018;

KGG. PATRICK S. DELA CRUZ
KASANGGUNI

KGG. DIONISIO C. MENDOZA
KASANGGUNI

KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO
KASANGGUNI

KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA
KASANGGUNI

KGG. EDGARDO F. DOMINGO
KASANGGUNI

KGG. EMMANUEL R. SACAY
KASANGGUNI

KGG. DENNIS D. SAN DIEGO
KASANGGUNI

KGG. NOEL G. PINEDA
PANGALAWANG PUNONG LUNGSOD

KGG. FRANCISCO J. CASTRO
KASANGGUNI

KGG. NINO CARLO C. BAUTISTA
KASANGGUNI

KGG. KIRK LOUIS NICOLAS
KASANGGUNI

KGG. MICHAEL M. AQUINO
KASANGGUNI

KGG. ENRICO C. CAPULE
KASANGGUNI

SAPAGKAT, si Bb. Jack Danielle Animam ay nagsisilbing inspirasyon at maituturing na mabuting ehemplo sa mga kabataang Maloleño na magsikap at makapagbigay karangalan sa bayan;

SAPAGKAT, sa pamamagitan ni Bb. Jack Danielle Animam, ay muling na patunayan na hindi lamang sa kagitingan, kabayanihan at katapangan makikilala ang dakilang lahing Maloleño, kundi maging sa larangan ng palakasan o "isports";

SAPAGKAT, marapat lamang na bigyan ng kaukulang pagkilala ang masikap na si Bb. Jack Danielle Animam dahil ang karangalan na kaniyang natamo ay karangalan din ng dakilang Lungsod ng Malolos at ng mga mamamayan nito;

IPINASIYA, gaya ng dito'y ginagawang pagpapasiya na ipinapahayag ang taos-pusong pagbati at maringal na pagkilala ng pamahalaang Lungsod ng Malolos sa pangunguna ng Punong Lungsod-Inh. Gilbert T. Gatchalian at ng bumubuo ng Sangggunian Panlungsod sa pangunguna ni Kgg. Noel G. Pineda kay Bb. Jack Danielle Animam ng Barangay Lugam sa kanyang paglahok Sa William Jones Cup na ginanap sa New Taipei City sa ilalim ng koponang Gilas Pilipinas Women Basketball Team at sa pagkakapanalo sa 2019 NBA 3v3 na ginanap sa PICC Forum Tent.

IPINASIYA PA RIN, na mabigyan ng sipi ng Kapasiyahang ito ang mga kinauukulang tanggapan para sa kanilang kaalaman at suporta.

PINAGTIBAY.

| | |
|---|---|
| **KGG. FRANCISCO J. CASTRO**<br>KASANGGUNI | **KGG. NIÑO CARLO C. BAUTISTA**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. KIRK LOUIS NICOLAS**<br>KASANGGUNI | **KGG. MICHAEL M. AQUINO**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. ENRICO C. CAPULE**<br>KASANGGUNI | **KGG. DENNIS D. SAN DIEGO**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. EMMANUEL R. SACAY**<br>KASANGGUNI | **KGG. EDGARDO F. DOMINGO**<br>KASANGGUNI |
| **KGG. LUIS ALFONSO M. ARCEGA**<br>KASANGGUNI | **KGG. MIGUEL CARLOS B. SOTO**<br>KASANGGUNI |
| ***KGG. DIONISIO C. MENDOZA**<br>KASANGGUNI - ABC President | **KGG. PATRICK S. DELA CRUZ**<br>KASANGGUNI - SK President |

PINATUTUNAYAN ko ang kawastuan ng Kapasiyahang Panlungsod na binabanggit sa dakong itaas nito.

**MA. ROSALIE SP. CRUZ**
**Local Legislative Staff Officer V**
Pansamantalang Kalihim ng Sangguniang Panlungsod

**PINATUTUNAYAN:**

**KGG. NOEL G. PINEDA**
PANG. PUNONG LUNGSOD - Tagapangulo

*hindi nakadalo

DhorieTrogo(SDC2)*081319